# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 12, 2024, LUNES, IKA-9:15 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED 26 FEB 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 02/26/24 TIME STA. CRUZ LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 075-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 56-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 4-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN TATLUMPU'T PITONG LIBO APATNARAAN WALUMPU'T WALONG PISO AT LABING LIMANG SENTIMOS (P137,488.15) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2024 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY POBLACION III, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 56-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 4-T2023 ng Barangay Poblacion III ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P137,488.15 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2024 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P96,241.70) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P41,246.44) ng Barangay Poblacion III, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 56-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 4-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P137,488.15 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2024 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Poblacion III, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Poblacion III, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 12, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

2/23/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

022R476